# Artikulo ng Kaalaman

Panuto: Suriin ang dalawang artikulo, at sagutin ang mga gabay na tanong.

## Artikulo 1

Brownout: Ang Iloilo ay nawalan ng hanggang P500 milyon kada araw

Ang Iloilo City ay maaaring mawalan ng mga P400 milyon hanggang P500 milyon kada araw - o P1.5 bilyon sa loob ng tatlong araw - dahil sa malawakang brownout na tumama sa Panay Island mula Enero 2.

Ang hindi inaasahang pagkawala ng kuryente ay nakaimpluwensya sa mga aktibidad sa ekonomiya na nagresulta sa pagkawala ng kita at nagdulot din ng panganib sa kaligtasan ng mga residente sa rehiyon.

Kaya dapat magkaroon ng sapat na pamumuhunan sa power grid ng bansa upang matugunan ang lumalaking pangangailangan sa kuryente sa bansa.

## Artikulo 2

Kakapusan sa suplay ng tubig, patuloy

Posibleng patuloy na maramdaman ng mga taga -Metro Manila ang kakapusan sa suplay ng tubig hanggang summer season.

Ayon ito sa National Water Resources Board (NWRB) na nagsabing dahil ito sa hindi nakasapat ang ulan na naranasan nitong mga nagdaang araw para makarating sa Angat dam watershed para magpataas sana sa water level ng naturang dam.

Kailangan ma-manage ang supply para mapaabot, hanggang sa summer, bago ang mga pag-ulan.

1. Tungkol saan ang dalawang artikulo?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ano ang iyong naramdaman pagkatapos mo itong basahin?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Sa iyong palagay, ano ang mga hakbangin na dapat gawin upang maiwasan ang mga ganitong pangyayari?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

LIVEWORKSHEETS